7/28/25, 4:04 PM
ehris.depedsurigaodelsur.com/dts/data/50827

Document Tracking No
July 28, 2025
ZRO65726-2025

Republic of the Philippines
Department of Education
Caraga Region
SCHOOLS DIVISION OF SURIGAO DEL SUR

DEPED-DIVISION OF SURIGAO DEL SUR
RELEASED
DATE: July 29, 2025
TIME: 8:46 am
SIGNATURE:

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 311 , s. 2025

To: Tagamasid Pampurok
Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino
Pinuno ng mga Pampublikong Paaralan
At iba pang sangkot

**PAGSUSURI AT BALIDASYON NG MGA "GABAY" MODYUL PARA SA PAGTUTURO NG PANIMULANG PAGBASA**

1. Upang matiyak ang kalidad, kontekstwalisasyon, at kaangkupan ng kagamitang pampagtuturo na gagamitin sa mga pampaaralang programa at interbensyon sa pagbasa sa key stage 1, ang sangay ng Surigao del Sur sa pangunguna ng Tanggapan ng Tagapagpatupad ng Kurikulum ay magsasagawa ng pagsusuri at balidasyon ng "GABAY" Marungko Modyul para sa pagtuturo ng panimulang pagbasa sa Filipino ngayong Miyerkules, Agosto 13, 2025 sa division conference hall, DepEd Division Office, Balilahan Mabua, Tandag City.

2. Layunin ng gawaing ito na tiyaking ang mga modyul ay sumusunod sa pamantayan ng mabisang pagtuturo ng pagbasa gamit ang Marungko Approach, at akma sa pangangailangan ng mga batang nahuhuli sa kasanayan sa pagbasa.

3. Ang mga modyul ay gagamitin bilang pangunahing materyal sa pampaaralang interbensiyon sa pagbasa. Ito ay bilang tugon sa mataas na bilang ng mga mag-aaral sa key stage 1 na nasa low at high emerging na antas.

4. Hinikayat ang mga tagamasid pampurok na magrekomenda ng dalawang (2) kalahok gamit ang link na ito https://tinyurl.com/GABAY-VALIDATORS. Sila ay mga piling dalub-guro o kayay guro na may malawak na kadalubhasaan sa pagbasa.

5. Pinapayuhan ang mga kalahok na magdala ng laptop, extension wire at wifi para masigurong maayos at matagumpay ang pagsagawa ng mga nakatakdang gawain.

6. Upang matugunan ang mga gastusin sa pagkain at meryenda ng mga kalahok, inaasahang magbigay ng halagang ₱500.00 bilang butaw ang bawat isa. Ang butaw at ang perang gugulin sa transportasyon ay maaring kukunin mula sa school MOOE o sa local funds alinsunod sa alituntunin ng pamahalaan sa wastong pagtutuos at pag-aawdit.

7. Hinihiling ang maaga, malawakan at dagliang pagpalaganap ng memorandum na ito.

**LORENZO O. MACASOCOL, PhD CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay

Kalakip.: Gaya ng sinasaad
Sanggunian: Wala
Ilagay sa Palagiang Taluntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa

**CURRICULUM** **LEARNING RESOURCES** **LEARNING AREA FILIPINO**

CID/iga
07/03/2025

CID

2025

Address: Balilahan, Mabua, Tandag City, Surigao del Sur, 8300
Telefax No. (086) 211-3225
Email Address: surigaodelsur.division@deped.gov.ph
Website: depedsurigaodelsur.com